SAMAHAN NG MGA KATUTUBO AT TAGALOG
SA SITIO SHEKINAH BRGY. TIBAG ABRA DE ILOG OCC. MINDORO
MARCH 2, 2023

Provincial Governor's Office
RECEIVED
DATE: 3/2/23
TIME: 10:34
BY: JOHN

OFFICE OF THE DENR - CENRO
RECEIVED
RELEASED
DATE 02 MAR 2023
10:07 AM
MAMBURAO, OCCIDENTAL MINDORO

Hon. Ernesto E. Tañada
PENRO OIC OFFICER
Mamburao Occ. Mindoro

Mahal naming kinatawan ng Gobyerno,

PURPOSE:

**NAIS NAMING PO IPAGBIGAY ANG HINDI MAGANDANG PAGTRATO SA AMING SAMAHANG NABUO DITO SA SITIO SHEKINAH BRGY. TIBAG ABRA DE ILOG OCC. MINDORO ANG INYO PONG KINATAWAN SA DNR SA KATAUHAN PO NI CENRO OFFICER ANASTACIO A. SANTOS SIR!**

Dahil po nagkaroon ng alitan sina Engr. Eric Custodio at Cenro Officer Anastacio Santos nadadamay po ang aming samahan sa pagtrato ng hindi maganda ng inyo pong Cenro Officer sa katauhan po ni Anastacio Santos, naging PERSONAL PO at nadadamay po ang kanya trabaho bilang kinatawan ng Gobyerno.

NARITO PO ANG MGA KATIBAYANG PANGYAYARI:

Nag simula po ito ng hindi sinasadyang nag kaharap po kami sa Office of the Gobernor at mismong sa harap ng ating butihing Gobernador Eduardo Gaduano. Sa harap po ni Gobernor nagkasagutan po sila Engr. Eric Custodio at Cenro officer Anastacio Santos ng akusahan po niya si Engr. Custodio ng paniningil ng UPA O BAYAD sa kanya mga nasukatan, noong panahon na siya ay nagta-trabaho pa po sa DNR. Sa tagpo ito na naramdaman namin na gusto kaming idamay ni Officer Santos sa pag aakusa din po sa amin na mangungutang daw po ang Samahan Sa Leanding Company upang ibabayad daw namin sa gagawing sukat sa amin ni Engr. Custodio.. Na ito po ay PAWANG-KASINUNGALINGAN na hindi po namin alam kung saan po niya nakuha ang mga ganoong impormasyon.

Ng Matapos na po ang usapan, kaya inabot po ng aming Presidete ng Samahan ang kamay niya kay Cenro Officer Anastacio Santos at dito naramdaman naming na naging Personal sa ating kinatawan ng Gobyerno sa katauhan ni Cenro Officer Anastacio Santos ang naging pag uusap sir, noong inaabot ang kamay ng aming Presidente ng Samahan sa katauhan po ni Mr. Norlito V. Escamillan ng dalawang beses, hindi po niya inabot ang kanyng kamay .
at sinabihan po ang aming Persedente ng Ganito: "GINAWA MONG INUTIL ANG DNR!" Tama po ba ang ganitong Personalidad sa isang kinatawan ng Goyerno?

OFFICE OF THE PROVINCIAL ASSESSOR
Received by: JPHREY V. M
Date / Time: 3/2/23 10:42 AM

RECEIVED
PROVINCIAL LEGAL OFFICE
DATE: 3-2-23 Chuka

RECORDS
RECEIVED BY:
DATE: 03/02/23
TIME: 9:53

PINALAMPAS po namin ang situasyong iyon at hindi kami nag re-act at ginawa pa rin namin ang aming papel bilang pamunuan ng aming samahan, sumunod po kami sa PROSESO!

Pero hindi pa pala tapos ang tagpo iyon sa ating kinatawan nng Gobgerno at NAG SUMBONG PA PO SIYA SA AMING KAPITAN NG BARAGAY SA KATAUHAN PO NI KAPITANA DEYESEBEL AT MAY PAGSISINUNGALING DIN PO, SA PAG SASABI SA AMING KAPITAN NA SINABI PO SA AMIN SA MGA KATAGANG ITO: " **BAKIT MO IPINAHIYA SI CENRO OFFICER SANTOS SA GOBERNOR AT MAY PINAPIPIRMAHAN KA RAW AT PINIPILIT MO SIYA? ( sinabi po Ito sa aming 3 Officer ng aming samahan sa pangunguna po ng aming presedente sa katauhan po ni Mr. Norlito V. Escamillan )** ito po ay pawang kasinungalian kung ito po ang itinawid niya sa aming kapitan, kaya po sumulat kami sa tangapan ng DNR na may copya din po kayo nito na huwag namang idamay kami sa personalan nila ni Engr. Custodio ( **atttach letter Sept 14, 2022 )**TAMA PO BA ITONG GINAWA NG KINATAWAN NG ATING GOYERNO NA ISUMBONG KAMI SA KAPITAN NAMIN AT MAGSINUNGALING PA PO ? May mga tistigo po kami dito Sir!

ITO PO ÀNG PINAKA MABIGAT NA GINAWANG PAGSISINUNGING NG ATING KINATAWAN NG GOBYERNO SA AMING BAHAGI PO, NG SAGUTIN NIYA PO ANG AMING LIHAM NA MAY PETSANG FEBUARY 08, 2023 NOONG NATANGAP NILA ITO SA KANILANG TANGAPAN. AT SUMAGOT SILA NG FEBUARY 13, 2023 AT DITO PO AY HINDI KAYO BINIGYAN NG COPYA NG TUGON NILA SA AMING LIHAM NA NAGING KADUDADA PO ANG KANYANG HAKBANG,

SA NAGING SAGOT NG DNR OFFICER SANTOS NA KUNG BAKIT HINDI NAPASAMA SA NA APROBAHAN ANG REQUEST NA AUTHORITY SURVEY NG PINALITAN NIYANG CENRO OFFICER SA KATAUHAN PO NI CENRO OFFICER CESAR QUEBEC AY WALA DAW PO KASAMA NA WAIVER OF RIGHTS NG MGA CLAIMNT. TOTOO PO BANG ITO ANG SAGOT NG REGION #4 SIR?

Nag tanong po ako sainyong tangapan kay Mr. Wilfredo Aquino, siya po iyong ibinagay ninyo sa akin na mag assist po Sir. Mula po sa kanya wala pa raw kayong natatangap Sainyong tangapan na sagot mula sa REGION #4. Ano po itong hakbang Ng ating kinatawan ng Gobyerno, hindi ba ito ay Personal na po at kung totoo pong wala pang sagot ito, Hindi po ba isa na namang pagsisinungaling Sa bahagi na amin Sir?

Nang ipakita po namin itong sagot ni Officer Santos. Ganito naman po ang reakyos ni Engr. Custodio. " **saan niya nakuha ang sagot na iyon? Kami pag humihingi ng SURVEY ORDER ANG IBINIBIGAY LANG NAMIN AY LOT NUMBER, AREA AT LOCATION LANG PO. AT KUNG IYON ANG DAHILAN DAPAT LAHAT NG AMING ENI- REQUEST AY DIS-APPROVED LAHAT!** KUNG HINDI PO TALAGA ITO TOTOO, HINDI PO BA SINISIRAN NI DNR OFFICER IYONG PINALITAN NIYANG CENRO OFFICER CESAR QUEBEC SA AMING SAMAHAN.? At hindi lang po sa amin siya nagsinungaling sa inyong tangapan na rin po kaya siguro hindi po kayo binigyan ng copya sir! KAYA PO ITO BA ANG DAPAT NA MAGING PAG UUGALI NG KINATAWAN NG ATING PAMAHALAAN KUMIKILOS NG PERSONAL SIR! ?

Kami po bilang kinatawan ng aming SAMAHAN NG MGA KATUTUBO AT TAGALOG AY NAGKAKAISANG SUPORTAHAN PO ANG NAGING AKSIYON PO NG PINALITAN NIYANG DNR OFFICER SA KATAUHAN PO NI CESAR QUEBEC SIR! Kaya iyong naging pag uusap sa

aming pamayanan sa Sitio Shekinah sa Baragay Hall kasama po ang DNR at YAMANG WALANG NAGING POSISYONG LUPA KAHIT KAPRASO ANG MGA NAKA PANGALAN SA MGA TAX DEC. KAYA PO SINABI NILA NA KAMI NA ANG BAGONG CLAIMANT. nag sabi na po sil na ehanda na namin ang sukat ngmga kalsada at sabihan na ang mga mamayan na mag bakod ng baundery ng aming mga lupa at ng matapos namin ito sumulat na po kami bilang isang samahan sa DNR noong panahon po ni Cenro Officer Cesar Quuebec po SIR! ( ATTACH LETTER TO CENRO OFFICER CESAR QUEBEC )at na ihanda na ang sukat at Nag Requuest na sila ng SURVEY ORDER sa Region #4 SIR.

Kaya po kami ay lubos na umaasa sainyong PANSIN na matulungan kami sa aming kinakaharap na suliranin sa DNR OFFICER ANASTACIO SANTOS SIR! HINDI PO NAMIN INISIP AT SASABIHING INUTIL ANG DNR SIR! WALA PONG MASAMANG MOTIBO ANG AMING SAMAHAN SA NAKA UPONG CENRO OFFICER, ANG NAIS LANG PO NAMINAy maayos po ang aming kugar at maaksiyonan na po ang pag develop nito at makinabang na po ang lahat pati ang gobyerno na hindi nabayaran ang Tax Sa loob ng 46yrs sir!

NORLITO V. ESCAMILLAN
PRESIDENT S.K.T.

SAMAHAN NG KATUTUBO AT TAGALOG
SA SITIO SHEKINAH, BRGY TIBAG
ABRA DE ILOG OCC. MINDORO.

BUTOY M. CANUNAY
VICE PRESIDENT ( KATUTUBO )

EDWIN CAUSAPIN
PRO.

ISLOA M. CANUNAY
SGT AT ARMS-( MAYOR NG KATUTUBO )

LEONARDO FELISCIANO
SGT. AT ARMS

EDUARDO C. PENASCOSA
TREASURER

MAY P. UY
SECRETARY

CC.
CENDRO OFFICER ANASTACIO A. SANTOS
REGION 4
LEGAL OFFICE MAMBURAO
OFFICE OF THE GOVERNOR

OFFICE OF THE PROVINCIAL ASSESSOR
Received by: Pagarilla
Date / Time: feb 22/23 1:00 GA

# SAMAHAN NG MGA KATUTUBO AT TAGALOG SA

SITIO SHEKINAH BRGY. TIBAG ABRA DE ILOG OCC. MINDORO

FEBUARY 16, 2023

OFFICE OF THE DENR - CENRO
RECEIVED
RELEASED
DATE FEB 08 2023
8:23 Am
MAMBURAO OCCIDENTAL MINDORO

**Hon. Anastacio A. Santos**
CENRO OFFICER
Cenro, Sablayan Occ. Mindoro

Mahal Naming Kintawan ng Gobyerno/ Dear Sir,

Ang pagliham po naming ito ay pag hingi po ng UP- DATE po sa aming kiham na may petsang NOV. 07, 2022 Noong nakalipas na taon po sir, Ang Samahan ng Katutubo at Tagalog dito po sa Sitio Shekinah BRGY. Tibag Abra de ilog Occ. Mindoro. Na humihingi po ng Authority Survey sa inyong tangapan.

Una pong nais naming malaman iyon po sagot sa Request po ninyo sa Region 4 tunkol sa Survey Order na inihingi po ng pinalitan ninyong Cenro Officer sa katauhan ni Cenro Officer Cesar Quebec kung ano po ang naging kulang o naging Problema kung bakit po ito na dis – approved Sir!

Ang aming Samahan ng Katutubo at Tagalog ay nabuo dahil po sa naging Desisyon ng DNR na masukatan ang aming mga lupa . Na umaasa at sumosuporta sa naging hakbang po ng DNR sa katauhan po ni Cenro Officer Cesar Quebec . Kaya nais po naming malaman ang naging dahilan kung bakit na Dis approved Reguest na Survey Order sa Region 4 ang kanilang mga pagsisikap! Narito po ang mga ginawa nila.

1) Nagsa-ayos sila ng pakikipag usap sa pamayanan at sa aming pamunuan ng Baragay dito po sa Brgy. Tibag Occ. Mindoro ng maraming ulit. At siguro naman po hindi kikilos ang mga taga DNR kung hindi nila po nakitang ito ay **Alienable & Disposable** land. Sir!

RECEIVED
PROVINCIAL LEGAL OFFICE
DATE: 3/2/23 MM
8:57 AM

Provincial Governor's Office
RECEIVED
DATE: 2-8-23
TIME: 4:20
BY:

RECORDS
REC
DATE 2/8/23 P
RELEASED
DATE: TIME:

2) Paghahanda po ng sukat sa aming mga kinatitirikan ng aming mga bahay at pag request po ng Survey Order sa Region 4. Na ngayon po ay kailangan naming malaman ang sagot kung bakit ito na Dis- approved po. Please!

3) May mga nalabag bang batas ng DNR ang pinalitan ninyong Cenro Officer, sir? Kami po na Pamayanan dito may sumasaklaw din bang batas na hindi po mapapa sa amin ang matagal na naming paninirahan ng walang gumagambala sa loob ng humigit kumulang 30yrs po?

Sabi nga po ng isang Katutubo, ," **kung may tulay ng nasimulan bakit gagawa pa ng isang tulay na iyon din ang pupuntahan.". Tama po ba Sir? Hindi po ba ninyo kaya ipagpatuloy ang ginawa ng Iyong pinalitang Cenro Officer?** Sana po makita namin ang sagot po ng Rgion 4.

Ang pangalawa pong nais na malaman po ang Sagot kung meron man, ang mga Sinulatan po ninyong mga claimant inyong ipinadalhan na may **OCT. 06, 2022** noong nakalipas na taon pa po, kami ang nagbigay nito at inerecord pa namin ito ng kanilang tanggapin at naka usap namin sila ng personal mahal naming kinatawan ng gobyerno, iyon pongSulat na galing sa ating butihing Governador noong **AUGUST 19, 2022** ng nakalipas na taon din, Hanggang ngayon po ay wala po silang tugon. Ito rin po ay malinaw nilang nabasa at natangap Sir! Kung wala pa rin silang sagot Sir sana po mapagbigyan na po kami ng authority Survey sir!

**Pero ito po ang mas matibay na EBEDENSIYA UNDER THE LAW OF ACQUISATIVE PRESCRIPTION & REGISTRATION: Us Petitioner kung ito po ang katayuan namin sa aming hiling na mabigyan kami ng AUTHORITY SURVEY SIR!**

A) Ang Matagal na pong Pamomosisyon ng mga mamamayan dito ay halos 30yrs na po at iyong iba pa nga po mahigit pa, na wala pong gumagambala sa paninirahan ng pamayanan

B) Wala pong lupa O posisyon na masasabing kanila at na develop nila ang mga claimant sa lugar ng nasabing Tax Dec.. na naka pangalan sa mga taga pagmana po sir.

C) Talamak po ang naging bintahan ng lupa dito ng mga katutubo at tagalog ng walang nakiki- alam na mga **CLAIMANT,** NI MAGREKLAMO PO SA BARANGAY O EDEMANDA PO ANG MGA NAGBENTA NG KANILANG MGA LUPA KUNG MAY **INTERES PA PO SILa. Kaya po na puno ng Tao ang lugar.**

D) Ang lupa po ay Alienable and Disposable Agricultural land po. Ang EBEDENSIYA po nito ay ang paghingi ng **Survey order sa Region 4** ng nakalipas na Cenro Officer sa katauhan po ni Cenro Officer **Ceasar Quebec.( copy on this sir is already in your hand )**

E) Ang aming assesor dito sa aming bayan ng Abra de ilog ay gayon na rin po ang paniniwala na ang lupa po ay alienable & Disposable. Sir

F) **Hindi** po ba ito ang mga kahilingan para po sa **Acquisative Prescription** at under the Law for Registration. at na revise na po ang **PD # 1529 NOONG PANAHON PA PO NI PRES. MARCOS SR.NOONG 1978** ng Panahon na po ni President Duterte noong 2021 **Under Republic Act# 11573, 20yrs of positioning the alienable and disposable land. Is enough.Sir.**

G) At àng isang pa ring katibayan ay iyong hindi nila pagbabayad ng Buwis sa Calangi Tax Dec **30yrs sa leyco Tax Dec 45yrs. According sa record ng treasury office ng Aming bayan ng Abra De Ilog.( ang record is also submited to your office sir.**

Kaya, po mahal naming Kinatawan ng Gobyerno,pakisuyo po na ma-aksiyonan na po ang aming hiling upang matulungan na po ninyo ang aming pamayanan, hindi lang po magkaroon kami ng aming masasabing lupa, kundi po magkaroon na rin po ng development sa aming lugar na hindi maka aksiyon ang mga kinauukulang pamahalan, dahil po sa hindi Maliwanag, na kung sino po ang talagangmay karapatan sa lupa o lugar kung saan nakatirik ang aming mga bahay sa matagal ng panahon, almost 30yrs or more, Sir.

Sa Bible po sa **2Cronica 6:21 nagsasabi pò ng ganito: Pakingan mo ang pag hingi nang tulong ng iyong Lingkod at ang mga paki-usap ng iyong bayan o ( ng pamayanan ng Sitio Shekinah) .......!**

**Sana po sir maging malinaw po ang mga layunin sa aming Liham.**

1) Màkinabang na po ang gobyerno na inyo pong kinakatawanan na maka kuha po ng nararapat na buwis sa lupang pinabayaan ng mahigit 45yrs na walang tax. Lalo na po ngayong krisis ang ating bansa, Sir.at nnasisiguro po namin na ito po ang naisin ng pinalitan ninyong Cenro Officer.

2) mahigit 3decada na pong nag- titiis, ang pamayanan sa kalsada, kung mabibigyan na po kami ng karapatan, kasama po ito sa layunin namin bilang nabuong Samahan Ng Katutubo at Tagalog dito sa Sitio Shekina, Ang **MADEVELOP PO ANG AMING LUGAR.**

**LUBOS PONG GUMAGALANG**

**NORLITO V. ESCAMILLAN**
**President S.K.T.**

CC.

**PENRO OFFICER OIC. ERNESTO E. TAÑADA**
**GOV. EDUARDO GADIANO**
**LEGAL OFFICE MAMBURAO**
**REGION #4 MAIN DNR OFFICE**

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment And Natural Resources Office**
So.Balud, Sto. Niño, Sablayan, Occidental Mindoro
Email: cenrosablayan@denr.gov.ph

Pebero 13, 2023

G. NORLITO V. ESCAMILLAN
Barangay Tibag, Abra de Ilog,
Occidental Mindoro

RECORDED
Date: 2-13-23

Ginoong Escamillan:

Ito po ay may kaugnayan sa inyong liham noong ika-8 ng Pebrero, 2023 na humihingi ng update sa inyong liham noong ika- 7 ng Nobyembre, 2022 kaugnay sa inyong kahilingan na mabigyan ng Survey Authority.

Nais po naming ipabatid sa inyo na ang tanggapang ito ay nakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng liham sa mga nakatalang may-ari ng nabanggit na mga lote sa tanggapan ng Municipal Assessor ng Abra de Ilog upang alamin kung sila ay hindi na interasado pa sa pag-angkin sa nasabing mga lote at makapagbigay ng waiver of rights sa inyong samahan. Para po sa inyong kaalaman, ito po ang naging dahilan upang hindi napasama sa mga lote na nabigyan ng survey order ang inyong lupa na pinopusisyunan.

Muli po ay magpapadala kami ng liham sa mga nakadeklarang may-ari upang alamin kung maari nila kayong mabigyan ng waiver. Maaari din po kayong makipag-ugnayan sa tanggapan ng Municipal Assessor ng Abra de Ilog upang alamin ang nararapat ng hakbang upang makansela ang kanilang deklarasyon sa lupa.

Maraming salamat po.

Gumagalang,

**FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA**
CENR Officer

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment And Natural Resources Office**
So.Balud, Sto. Niño, Sablayan, Occidental Mindoro
Email: cenrosablayan@denr.gov.ph

October 5, 2022

**G. NORLITO V. ESCAMILLAN**
Presidente, Samahan ng Katutubo at Tagalog
sa So. SHEKINAH
Barangay Tibag, Abra de Ilog,
Occidental Mindoro

Ginoong Escamillan:

Ito po ay may kaugnayan sa inyong liham na humihiling na mabigyan kayo ng Survey Authority sa mga lote na may bilang na 1028-G, H, I, J, at K na matatagpuan sa Barangay Tibag, Abra de Ilog, Occidental Mindoro.

Base sa pag-aaral na isinagawa sa mga dokumento na inyong isinumite sa tanggapang ito, napag-alaman na ang mga nabanggit na lote ay nakatala sa tanggapan ng Municipal Assessor ng Abra de Ilog sa pangalan ng mga sumusunod, at maaring siyang naging dahilan kung bakit ang mga ito ay hindi napasama sa nabigyan ng Survey Order ng DENR Regional Office;

| | |
|---|---|
| Lot 1028-G | Simeon Calangi |
| Lot 1028-H to K | Hrs. of Francisco Leyco |

Dahilan po dito, kayo ay aming pinapayuhan na magbigay sa tanggapang ito ng mga dokumento na magpapatunay ng inyong pagmamay-ari sa nabanggit na lote katulad ng Waiver of Rights upang maipadala sa Regional Office at mabigyan kayo ng kinakailangan na Survey Order upang maisagawa ang pagsususkat sa inyong mga lote.

Sa kasalukuyan, ang tanggapan ng DENR ay nakikipag-ugnayan sa mga nakatalang may-ari ng nabanggit na mga lote sa pamamagitan ng liham upang alamin kung sila ay hindi na interasado pa sa pag-angkin sa nasabing mga lote at makapagbigay ng waiver of rights sa inyong samahan.

Para po sa inyong kaalaman, ang tanggapan ng DENR ay walang puwang sa personal na dahilan katulad ng inyong nabanggit sa inyong liham. Ang nais lamang po ng tanggapang ito ay ang magkaroon ng kaayusan at linaw ang dahilan kung bakit hindi napasama sa nabigyan ng kautusan na masukat ang lote ng inyong samahan at hindi ang kung ano pa mang dahilan na nabanggit sa inyong liham.

Maraming salamat po.

Gumagalang,

**FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA**
CENR Officer

CC:
1. The PENR Officer
2. Gov. Eduardo B. Gadiano
   Mamburao, Occidental Mindoro

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
National Road, Brgy.Sto. Niño, Sablayan, Occidental Mindoro
E-mail: cenrosablayan@denr.gov.ph

October 11, 2022

**MEMORANDUM:**

RECORDED
Date: 10-13-22
By: [signature]

| | | |
|---|---|---|
| **FOR** | : | The Regional Executive Director<br>DENR MIMAROPA Region<br>Roxas Boulevard, Ermita,<br>Manila |
| **ATT'N** | : | The Chief, Survey and Mapping Division |
| **THRU** | : | The OIC, PENR Officer |
| **FROM** | : | The CENR Officer |
| **SUBJECT** | : | LOT NO. 1028-E, F, G, H, I, J, AND K, FOR SAMAHAN NG KATUTUBO AT KRISTIYANO SA SITIO SHEKINAH, BARANGAY TIBAG, ABRA DE ILOG, OCCIDENTAL MINDORO. |

In connection with the abovementioned subject, please be informed that on November 11, 2021, this office submitted a request for issuance of a Survey Order to cause the subdivision survey of lots within the administrative jurisdiction of DENR CENRO Sablayan, Occidental Mindoro. On 2022, the Survey Order was approved, however, the abovementioned lot were not included in the Order.

In this regard, we would like to request that we be informed of the reason/s why the said order excluded the subject lots. For information, the Samahan of katutubo and Tagalog headed by its president Norlito Escamillan requested this office for issuance of Survey Authority, over the subject lots.

For information and record.

**FOR. ANASTACIO A. SANTOS, MPA**

cc: Mr. Norlito Escamillan
Brgy. Tibag, Abra de Ilog, Occ. Mdo.

Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE

November 11, 2021

**MEMORANDUM**

FOR : The Regional Executive Director
1515 L & S Bldg. Ermita, Manila

ATTN : Asst. Regional Director for Technical Services

THRU : The PENR Officer
Mamburao, Occidental Mindoro

FROM : The CENR Officer

SUBJECT : **REQUEST FOR SURVEY ORDER OF CENRO- SABLAYAN OCCIDENTAL MINDORO.**

In the interest of the service and in order to attain the target goal for free patent issuance for CY 2021. It is respectfully requested for the issuance of survey order of the following lots listed below,

| Lot No. | Location | Area (sq.m.) |
|---|---|---|
| Lot 2, Csd-4B-0003104-D | Brgy. Tibag, Abra de Ilog, Occ. Mindoro | 102,897 |
| Lot 77, CAD 1296-D, Case 14 | Brgy. Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 446 |
| Lot 398, CAD 1296-D, Case 14 | Brgy. Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 408,108 |
| Lot 108, CAD 1296-D, Case 14 | Brgy. Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 940 |
| Lot 58-A, Csd-4B-001995 | Brgy. Dayap, Sta. Cruz, Occ. Mindoro | 9,861 |
| Lot 59-H-7, Csd-4B-003452-D | Brgy. Balao, Abra de Ilog, Occ. Mindoro | 1,501 |
| Lot 1300-W-33, Csd-4B-003492 | Brgy. Mulawin, Sta. Cruz, Occ. Mindoro | 689 |
| Lot 1300-W-37, Csd-4B-003492 | Brgy. Mulawin, Sta. Cruz, Occ. Mindoro | 1,097 |
| Lot 1300-M, Csd-04-009491 | Brgy. Mulawin, Sta. Cruz, Occ. Mindoro | 400 |
| Lot 88, CAD 1296-D, Case 14 | Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 1,847 |
| Lot 266, CAD 1296-D, Case 14 | Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 205 |
| Lot 267, CAD 1296-D, Case 14 | Payompon, Mamburao, Occ. Mindoro | 136 |
| Lots 1028-E, 1028-F, 1028-G, 1028-H, 1028-I, 1028-J, 1028-K, Csd-04-004406-D | Brgy. Tibag, Abra de Ilog, Occ. Mindoro | 212,508 21,1508 |

S.6

NONE

25.9

For your evaluation and approval

CAESAR E. QUEBEC

RES

RECEIVED BY:
DATE: TIME:
RELEASED BY:
DATE: TIME:

National Road, Brgy. Sto. Niño, Sablayan, Occidental Mindoro 5104
Email address: cenrosbly02@gmail.com

TSD
RECEIVED BY:
DATE: 11/11/21
TIME:

LOTS SIT.

**SURVEY ORDER NO.** [illegible]

**SUBJECT: [illegible] LAND SURVEY [illegible] WITHIN THE JURISDICTION OF CENRO SABLAYAN, OCCIDENTAL MINDORO**

[illegible] Survey of [illegible] Occidental Mindoro, Engr. Mary Dominique B. Caedia [illegible] approved to wit:

| Lot & Survey No. | Location | Area (sq.m) |
|---|---|---|
| Lot 2, Csd-[illegible] | Brgy. [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], CAD-1296-D Case 14 | Brgy. Poypoypo, [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], CAD-1296-D Case 14 | Brgy. Poypoypo, [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], Csd-[illegible] | Brgy. [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], Csd-[illegible] | Brgy. [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], Csd-[illegible] | Brgy. [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], Csd-[illegible] | Brgy. [illegible] Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], CAD-1296-D Case 14 | Poypoypo, Mamburao Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], CAD-1296-D Case 14 | Poypoypo, Mamburao Occidental Mindoro | [illegible] |
| Lot [illegible], CAD-1296-D Case 14 | Poypoypo, Mamburao Occidental Mindoro | [illegible] |
| | **TOTAL** | [illegible] |

RECORDS

PENRO

TSD

lots str.

# SAMAHAN NG MGA KATUTUBO AT TAGALOG SA

SITIO SHEKINAH BRGY. TIBAG ABRA DE ILOG OCC. MINDORO

Provincial Governor's Office
RECEIVED
DATE: 9/14/22
TIME: 11:05 am
BY: [signature]

**Hon. Anastacio A. Santos**
CENRO OFFICER
Cenro, Sablayan Occ. Mindoro

**PURPOSE:**

Requesting for **Survey Authority Lots # 1028-G; 1028-H; 1028-I; 1028-J; 1028K-;** Situàted at Brgy. Tibag, Abra de ilog Occidental Mindoro and containing an area of 212,508sq/m more or less Sir, Favor of TERRATEK Engineering and Surveying of **Geodetics Engineer Ricardo Lorenzo D. Custodio**. Hoping for your Favorable action sir.

**Ito ay Revise na po!** Mula po sa dalawa naming sulat na may petsang **May 24, 2022 at July 08, 2022** na wala po kaming natangap na sagot mula po sainyo at hindi namin alam ang naging dahilan kung bakit na **Disapprove po ng Region 4** ang request ng pinalitan ninyo pong Cenro Officer sa katauhan ni **Cenro Officer Ceasar Quebec .**

Pero ngayon po nakita na namin ang sagot at mga dahilan sa sarili naming pagsisikap At sa tulong po ng aming mahal na punong bayan ng Abra de ilog at ng aming mahal na Governador ng probinsiya ng Occ. Mindoro sampu ng kanyang mga kagawaran, na Tama po ang naging desisyon nila na e hingi po ng **Survey Authority sa Region 4** ang nabangit na sukat ng lupa! May kauti lamang pong pagpapaliwag sana sa Request, dahil nga sa na palitan na po siya at nag nag bitiw na po **si Engr. Eric Custodio**, hindi na ito na ipaliwanag sa region 4, na sana po natulungan ninyo silang magpaliwanag kung concern po kayo sa kanila, at maging sa amin po ng samahan ng Katutubo at Tagalog dito po sa Sitio Shekinah brgy . Tibag, Abra de Ilog Occ. Mindoro ay na ipaliwanag din po ninyo kung bakit na dis- Approve po ang Request nila!

Narito po ang aming na nakuhang mga ducumento at makatuwirang dahilan na puwede po kaming magbigay po ng suporta sa nakaraang Cenro Officer na maituloy na po ang naging Request nila na mabigyan kami ng Survey Authority:

1) Ang lupa na kinatitirikan ng aming mga bahay ay na ihanda na ang mga sukat noong nakaraang taon, ng nakatalagang Geodetic Engineer ng Cenro sa katauhan ni Engr. Eric Custodio, during that time of Cenro Officer Cesar Quebec.

   **Ang area at sukat na hinihiling nila ay tugma lang na sukat sa mga Tax Declaration na hinihingian ng Survey Authority. Sa Sukat niya po na 212,508sq/m na halos katumbas po ng 8.5 hectars for Calangi tax dec. And 12.48hectars po to be exact for Francisco Leyco Tax Dec. At nasisiguro po namin nakita na din nila ang mga Lupa na bangit, ay Alienable and Disposable lots sir.**

RECORDS

**Ayon po sa Tax Declaration Law! How do you know if land is Alienable and Disposable- A signed Certification By a duly designated DENR, GEODETIC ENGINEER THAT THE LAND IS ALIENABLE.**

Ang nakita naming problema ay na isama sa request sa Region 4 ay ang hindi naman kabilang sa na ihandang sukat at na baka ito lang po ang puwedeng magamit na referensiya nila para po matukoy kung saan po kukunin ang sukat na 212,508sq/m , Saksi kaming lahat ng tagarito na dito lang sa amin nagsukat si Èngr. Custodio para may sukat silang ma I submit sa region 4 for requesting Survey Authority at hindi niya sinukat ang nasa kabilang kalsada, ayon po sa Mapa nakuha namin!

Ang nangyari po sa referensiya nilang nagamit may nakasamang isang titulado iyong Lot# 1028-E na naka pangalan kay Mr. Umali, Efren Villostas. Àt ang pinagbatayan pa ng request sa region 4 ay iyon pa pong sukat ni Engr. Villegas na matagal na pong namatay, na hindi na nila na ipaliwag dahil wala na po sila, Kaya po na Dis- approve po mahal naming kinatawan ng Gobyerno. Kaya po ni Revise namin
**( Attach Copy of TAX DEC. AND MAP. )**

2) Ang ikalawa po dahilan na nakita nila ay iyon pong interes ng may ari ng mga Tax Dec,na ne- Request nila ng Survey Authority ay maliwanag na.inabandona O pinabayan na po nila ang kanilang mga karapatan sa lupa. Narito po ang mga Ebedensiya.

A) Wala po silang posisyon Ng lupa na masasabing sila ang may ari ng lupa, ang alam lang ng tao sa kanila ang lupa pero abandonado na at ni Tayo ng bahay nila o taniman wala silang ebedensiya na nagkaroon pa sila ng interes dito, sabi nga po ng MPDC namin dito wala ng bakanteng lupa na puwedeng makuha pa maliban po sa ilog, dahil lahat po may naka posisyon na po, at ito rin ang pananaw ng aming Assesor officer dito sa Aming bayan ng Abra de ilog!

Hindi rin nila na ilipat sa kanilang mga Pangalan ang mga Tax Dec. na kanilang minana sa kanila Ama na namatay na,at hindi rin nila napa tituluhan ang lupa nilà na alam naman nila na ang Tax Dec. Ay hindi katibayan ng Ownership.at napa tunayan po namin ito mula sa Registry of Deeds. ( **attach letter from Registry of Deeds )**

sigurado kami na hindi nila (ng dating Cerco officer ) na ihahanda ang sukat ng mga lupa ito na kinatitirikan ng aming mga bahay **kung nakita nilang Titulado ito at e request sa Region 4 for Survey Authority.**

B) Hindi rin po kasi sila interesadong mag bayad po ng amiliar ng kanilang mga lupa na kanilang kinuhang posisyon sa pamamagitan ng pagkuha nila ng mga Tax Dec. Si Mr. Semion Calangi po mula 1992 up to the present **wala po silang bayad 30yrs** na po at sa Hrs naman ng Francisco Leyco mula po 1977 up to Present **45yrs silang hindi nagbabayad.** Ito po ay ayon sa Treasury office po ng Abra de ilog . At nasabi na rin po ito sa akin ni Engr. Eric Custodio , pero po kumuha kami ng mga ducumento.(

**attach copy from Treasury Office of Abra de ilog** ), isang pagpapatunay po na inabandona na po nila ang lupa, kaya po inihingi po ng dating Cenro Officer ng Survey Authority sa Region 4 po sir

Kaya nga po mahal naming kinatawan ng Gobyeron pakisuyo po na ang aming hiling ay inyo na pong togunin ng Positibo ( in writing po ), para po sa ating Pamayanan na kinakatawanan po namin. Sa Bible Po sinasabi nang **JOB. 13:6-" Pakingan po sana, pakisuyo ang aming mga argumeto at Bigyang pansin sana po ang paki usap ng aming mga labi." Ito po ay paki pag- usap ni Job sa Dios nating makapangyarihan sa lahat.**

Kung may sama kayo ng loob sa akin dahil sa paghaharap natin kay Governor, sorry po Mis Interpret lang po kayo Sir, at sinumbong pa ninyo ako sa Kapitan namin ng Barangay ang tagpong iyon , pero huwag po ninyong sanang idamay ang kinakatawan kong Samahan ng Katutubo at Tagalog dito sa sitio shekinah Sir. At kung may Personal kayo ni Engr. Custodio, huwag na po ninyo kaming idamay, huwag na po natin itong palakihin Sir. **Trabaho lang po tayo! Kami po bilang kinatawan ng aming Samahan kayo, Bilang kinatawan ng Gobyerno po, Sir.**

**Lubos pong gumagalang**

**Norlito V. Escamillan**
**President ( S.K.T )**
**Cel #** 09309584384

**CC.**

**PENRO OFFICER OIC. ERNESTO E. TAÑADA**
**GOV. EDUARDO GADIANO**
**LEGAL OFFICE MAMBURAO**

**Samahan ng mga Katutubo at Tagalog**
**Sa Sitio Shekinah, Brgy. Tibag Occ. Mindoro**
November 17, 2021

OFFICE OF THE MUNICIPAL MAYOR
de Ilog, Occidental Mindoro
RECEIVED
By: Vean
Date/Time: 11-17-2021
From: Mr. Donato Escamillan
# 0930-958-4389

# RESOLUSTION

Ang tumututong sa Dukha ay nagpapautang sa Dios, at Tiyak itong Babayaran niya! ( **Kawikaan 19:17** )

NOV 17 2021

**Hon. Ceasar Quebec**
**Dept. Of CENRO**
**Mamburao Occ. Mindoro**

Charisma T. Panganiban
Admin. Secretary
11/17/21

Kami na taga Sitio Shekinah ay bumuo ng **isang samahan o Asosasyon ng pinag samang tribo ng Katutubo at ng mga Tagalog** upang lubusan naming maingatan ang ipagkakaloob na Lupa sa amin. Una sa lahat na aming Pasasalamat ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, Ang nagkaloob ng lupa at siempre ang mga kinauukulang mga Autoridad ng Pamahalan, na Lubusang tumulong upang maisakatuparan ang pagpapalang ito na aming tatangapin at lubos po kami nagpapasalamat. Upang magkaroon kayo ng makakatulong salnyong layunin sa aming pamayanan!

Nabuo ang aming Samahan ng mga katutubo at Tagalog sa Sitio Shekinah noon pong **November 07, 2021** taung kasalukuyan at ito ay sinaksihan ng aming Punong Barangay at kasama niya ang halos lahat ng kanya mga Kagawad Ang pagpili po ng Isang Pamunuan na Mangunguna at Mag sa saayos at Mag iigat po ng ipagkakaloob na lupa sa amin dito po sa Sitio Shekinah.

Ang liham na ito ay katunayan po ng aming pagkakaisa at pagsuporta, sa inyong kahilingan na magkaroon ng daan na may luwang na 6 metro sa main hi-way at ang 2nd street na 3metro ang luwang, at mga iskinita na hindi bababa sa isang metro ang luwang masaya pong nakipagtulungan at nakipagkaisa ang lahat. Ang pirma po na kulang **200 Pamilya** ay ebedensiya po nito.

Kami po ay lubos na umaasa, aming minamahal na **Kinatawan ng Gobyerno** na maisakatuparan na po ang aming napakatagal ng pangarap na magkaroon po ng sariling lupa na talagang naka Pangalan po sa amin. Sana rin po maka tangap kami ng positibong sagot na may Panalangin, sainyong bahagi sa mas mabilis na panahon po! Kung inyo pong nais na Bisitahin ang aming lugar malugod po namin kayong inaanyayahan!

Lubos Pong Gumagalang

Norlito V. Escamillan

Pres. Ng Assosasyon

Kalakip din po ang kahilingan na maabot ang 40 pamilya na puwede ng sukatan ang resulta po 51 pamilya na naiayos na po ang kanilang mga lupa na puwede na pong masukatan

Binigyan ko na rin po kayo ng kopya kung sino sino po ang napiling Pamunuan sa aming Assosasyon o Samahan sa Sitio Shekina! Kalakip po ang liham namin sa Pamunuan ng Barangay.